**FOR IMMEDIATE RELEASE**
Tuesday, July 3, 2025

**CONTACT:**
Karina Rivera, Alameda Alliance for Health
1.510.499.3419
krivera@alamedaalliance.org

---

**PAHAYAG NG ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH SA PAGSASABATAS SA PANUKALANG-BATAS SA RECONCILIATION NG PEDERAL**

Ang panukalang-batas sa reconciliation na malapit nang isabatas ay magkakaroon ng napakatitinding epekto sa mga pinakamadaling maapektuhang komunidad sa County ng Alameda at sa buong bansa.

**Alameda, CA –** Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay ang lokal na planong pangkalusugan na nagbibigay ng mga komprehensibong serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mahigit 410,000 residente ng County ng Alameda at naglilingkod sa mahigit sa 1 sa 4 na residente ng county na nakatala sa pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal, at iba pang populasyong hindi sapat na napagseserbisyuhan.

Bumoto kanina ang Kapulungan ng Mga Kinatawan ng Estados Unidos na ituloy ang panukalang-batas sa reconciliation ng badyet na magkakaltas ng $1 trilyon sa pondo ng pangangalagang pangkalusugan (at halos $800 bilyon sa programa ng Medicaid) at maglalagay sa panganib sa halos 500,000 residente ng County ng Alameda at 14 na milyong Californian na dumepende sa mga serbisyo ng Medi-Cal.

Naghahatid ang Medi-Cal ng mga kritikal na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na nagta-transform ng buhay at nagpapatatag ng mga komunidad sa lokal at sa buong bansa. Sa County ng Alamed, 28% ng mga nagpapatal sa Medi-Cal ay bata, at mahigit isang quarter ng mga ipinapanganak ay sinasaklaw ng Medi-Cal. Ang pagsasabatas sa panukalang-batas na ito ay hindi lang makakaapekto sa mga indibidwal na umaasa sa napakahalagang safety net na programang ito, magdudulot din ito ng matitinding dagok sa mga sistema ng pangangalagang pangkalusugan na naglilingkod sa kanila.

“Habang hinaharap natin ang katotohanang maraming indibidwal sa ating komunidad ang mawawalan ng access sa mga nakakasagip ng buhay na serbisyo dahil sa mga pagkakaltas sa nasabing panukalang-batas ng pederal, patuloy naming sisikaping makipagtulungan sa aming mga partner na provider, tagapagsulong sa komunidad, at lider sa pangangalagang pangkalusugan para maprotektahan at maipaglaban ang access sa pangangalagang

pangkalusugan ng mga pinakanangangailangan nito," sabi ng CEO na si Matthew Woodruff. "Iyon pa rin ang misyon ng Alliance – makipagtulungan sa ating komunidad at mga partner na provider para mapabuti ang kalusugan at kapakanan ng ating mga miyembro at komunidad sa pamamagitan ng paghahatid ng mga mataas na kalidad at accessible na serbisyo."

Para matuto pa tungkol sa Alliance, bisitahin kami sa **www.alamedaalliance.org**.

###

**Tungkol sa Alameda Alliance for Health**

Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay isang lokal, pampubliko, at not-for-profit na planong pangkalusugan para sa pinapamahalaang pangangalaga na naglalayong gawing accessible at abot-kaya sa mga residente ng County ng Alameda ang mga mataas na kalidad na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Ang Alliance, na itinatag noong 1996, ay ginawa ng at para sa mga residente ng County ng Alameda. Sinasalamin ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance, namumunong staff, at network ng provider ang pagkakaiba-iba ng kultura at wika sa county. Nagbibigay ang Alliance ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa mahigit sa 410,000 bata at nasa hustong gulang na may mababang kita sa pamamagitan ng mga programa ng Panggrupong Pangangalaga ng Medi-Cal at Alliance na accredited ng Pambansang Komite para sa Pagtiyak ng Kalidad (National Committee for Quality Assurance, NCQA).